

EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO
Pinagsanib na Aralin sa EsP at Musika
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Unang Araw)

I. Layunin:

- naipakikita ang kakayahang magpasalamat sa Panginoon

II. Paksang Aralin: Pananampalataya sa Panginoon

Aralin 1: Paniniwala sa Diyos

Tula: Salamat Po!

Sanggunian: Gabay sa Kurikulum ng K-12 pah. 16

Edukasyon sa Pagpapakatao

Teaching Guide 15-18

ESP- Pupils' Activity Sheets pah. _____

Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon I pah. 64-69

Kagamitan: mga larawan ng mga bagay na nilikha ng Diyos , tsart ng tula

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Sinu-sino ang mga bumubuo sa isang mag-anak?

2. Pagganyak:

Awit: Limang Daliri

Limang daliri ng aking kamay

Si Tatay, si nanay, si kuya, si ate

at sino ang bulilit ako.

Sino ang nagsasalita sa awit?

Tungkol saan ang awit?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad:

Iparinig/Ipabasa ang unang sagnong ng tula.

Salamat Po!

Sa simoy ng hangin sa kapaligiran

Sa mga magulang na sa aki'y nagmamahal

Sa mga kapatid, kaanak, kaibigan

Salamat po, Diyos kami ay buhay.

2. Pagtalakay:

Ano ang pamagat ng tula?

Anu-ano ang mga bagay na dapat

ipagpasalamat natin sa Diyos?

Bukod sa iyong pamilya, sinu-sino pa ang

iba pang nagmamahal sa iyo?

C. Pangwakas na Gawain

1. Paglalahad:

Sino ang may likha ng lahat ng bagay tulad

ng sariwang hangin? kapatid, kaanak,

kaibigan at magulang?

Tandaan:

Ang Diyos ang may likha ng lahat ng bagay

Kaya dapat lamang na Siya ay pasalamat.

2. Paglalahad

Isa-isang tawagin ang mga bata para basahin nang malakas ang unang sagnong ng tula.

IV. Pagtataya:

Ipakita ang iyong pasalamat sa Panginoon. Iguhit mo ang mga tao/bagay na dapat mong ipagpasalamat sa tulang napag-aralan ngayon.



V. Takdang-aralin

Isaulo ang unang sagnong ng tulang Salamat Po!

EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO
Pinagsanib na Aralin sa EsP at Musika
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Ikalawang Araw)

I. Layunin:

- naipakikita ang kakayahang magpasalamat sa Panginoon

II. Paksang Aralin: Pananampalataya sa Panginoon
Aralin 2: Paniniwala sa Diyos

Tula: Salamat Po!

Sanggunian: Gabay sa Kurikulum ng K-12 pah. 16

Edukasyon sa Pagpapakatao

Teaching Guide 15-18

ESP- Pupils' Activity Sheets pah. _____

Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon I pah.
64-69

Kagamitan: mga larawan ng mga bagay na nilikha
ng Diyos , tsart ng tula

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Sino ang lumikha ng lahat ng mga bagay sa daigdig?

2. Pagganyak:

Awit: Lumipad ang Ibon
Lumipad, lumipad
ang ibon (3x)

Sa magandang pugad.

Anong hayop ang nabanggit sa awit?

Sino ang lumikha sa ibon?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad:

Iparinig/Ipabasa ang pangalawang sagnong
ng tula.

Salamat Po!

Sa awit ng ibon sa punong malabay
Na nagbibigay sa amin ng sigla sa buhay
Sa maraming bunga ng mga halaman
Salamat po, Diyos sa kasaganaan.

2. Pagtalakay:

Ano ang nagbibigay sigla sa mga tao ayon
sa tula?

Ano ang silbi o gamit ng mga maraming
bunga ng halaman sa mga tao?

Bakit dapat magpasalamat ang mga tao
sa kasaganaang kanilang tinatamasa?

Magbigay ng iba't ibang uri ng mga
halamang nakikita sa paligid.

B. Pangwakas na Gawain

1. Paglalahat:

Sino ang may likha ng lahat ng bagay tulad
ng mga ibon,puno at mga halaman?

Tandaan:

Ang Diyos ang may likha ng lahat ng bagay
Kaya dapat lamang na Siya ay pasalamatan.

2. Paglalapat

Isa-isang tawagin ang mga bata para basahin
nang malakas ang ikalawang sagnong ng
tula.

IV. Pagtataya:

Ipakita ang iyong pasasalamat sa Panginoon. Iguhit
mo ang mga bagay na nilikha ng Diyos ayon sa tula.



V. Takdang-aralin

Isaulo ang ikalawang sagnong ng tula at
humanda sa isahang pagbigkas bukas.

EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO
Pinagsanib na Aralin sa EsP at Musika
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Ikatlong Araw)

I. Layunin:

- naipakikita ang kakayahang magpasalamat sa Panginoon

II. Paksang Aralin: Pananampalataya sa Panginoon
Aralin 3: Paniniwala sa Diyos

Tula: Salamat Po!

Sanggunian: Gabay sa Kurikulum ng K-12 pah. 16

Edukasyon sa Pagpapakatao

Teaching Guide 15-18

ESP- Pupils' Activity Sheets pah. _____

Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon I pah.
64-69

Kagamitan: mga larawan ng mga bagay na nilikha
ng Diyos , tsart ng tula

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Muling ipabigkas sa mga bata ang una at
ikalawang sagnong ng tulang “Salamat Po!”

2. Pagganyak:

Awit: Twinkle Twinkle Little Star

Anu-ano ang mga nakikita mo sa kalangitan?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad:

Iparinig/Ipabasa ang pangatlong sagnong ng
tula.

Salamat Po!

Sa dilim ng gabi na napakapanglaw
Mayroong bituin at buwang tumatanglaw
Sa sikat ng araw, na nakasisilaw
Salamat po, Diyos sa umaga ay ilaw.

2. Pagtalakay:

Anu-ano pang ibang nilikha ng Diyos
ang nabanggit sa tula?

Kailan nakikita ang bituin? araw?
buwan?

Paano nakatutulong sa mga tao ang
likhang ito ng Diyos?

B. Pangwakas na Gawain

1. Paglalahad:

Sino ang may likha ng lahat ng bagay tulad
ng mga bituin, buwan at araw?

Tandaan:

Ang Diyos ang may likha ng lahat ng bagay
Kaya dapat lamang na Siya ay pasalamat.

2. Paglalapat

Isa-isang tawagin ang mga bata para basahin
nang malakas ang ikatlong sagnong ng tula.

IV. Pagtataya:

Ipakita ang iyong pasasalamat sa Panginoon. Iguhit
mo ang mga bagay na nilikha ng Diyos ayon sa tula.



V. Takdang-aralin

Isaulo ang ikatlong sagnong ng tula at humanda
sa isahang pagbigkas bukas.

EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO
Pinagsanib na Aralin sa EsP at Musika
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Ika-apat na Araw)

I. Layunin:

- naipakikita ang kakayahang magpasalamat sa Panginoon

II. Paksang Aralin: Pananampalataya sa Panginoon
Aralin 4: Paniniwala sa Diyos

Tula: Salamat Po!

Sanggunian: Gabay sa Kurikulum ng K-12 pah. 16
Edukasyon sa Pagpapakatao

Teaching Guide 15-18

ESP- Pupils' Activity Sheets pah. _____

Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon I pah.
64-69

Kagamitan: mga larawan ng mga bagay na nilikha
ng Diyos , tsart ng tula

III. Pamamaraan:

C. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Muling ipabigkas sa mga bata ang una , ikalawa,
at ikatlong sagnong ng tulang “Salamat Po!”

2. Pagganyak:

Awit: Paru-parong Bukid

Saan umaaligid ang mga paru-paro?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad:

Iparinig/Ipabasa ang pang-apat na sagnong
ng tula.

Salamat Po!

Sa mga bulaklak sa aking paligid

Pati sa paruparong dito’y umaaligid

Sa patak ng ulan sa mga halaman

Salamat po, Diyos, sa Inyong kabutihan.

2. Pagtalakay:

Anu-ano pang ibang nilikha ng Diyos
ang nabanggit sa tula?

Paano nakatutulong ang mga bulaklak sa
paligid?

Bakit mahalaga ang ulan?

C. Pangwakas na Gawain

1. Paglalahad:

Sino ang may likha ng lahat ng bagay tulad
ng mga bulaklak, paruparo, ulan?

Tandaan:

Ang Diyos ang may likha ng lahat ng bagay
Kaya dapat lamang na Siya ay pasalamatan.

2. Paglalahad

Isa-isang tawagin ang mga bata para basahin
nang malakas ang ika-apat na sagnong ng
tula.

IV. Pagtataya:

Ipakita ang iyong pasasalamat sa Panginoon. Iguhit
mo ang mga bagay na nilikha ng Diyos ayon sa tula.



V. Takdang-aralin

Isaulo ang ika-apat na sagnong ng tula at
humanda sa isahang pagbigkas bukas.

EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO
Pinagsanib na Aralin sa EsP at Musika
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Ikalimang Araw)

I. Layunin:

- naipakikita ang kakayahang magpasalamat sa Panginoon

II. Paksang Aralin: Pananampalataya sa Panginoon
Aralin 5: Paniniwala sa Diyos

Tula: Salamat Po!

Sanggunian: Gabay sa Kurikulum ng K-12 pah. 16
Edukasyon sa Pagpapakatao
Teaching Guide 15-18

ESP- Pupils' Activity Sheets pah. _____

Wastong Pag-uugali sa Makabagong Panahon I pah.
64-69

Kagamitan: mga larawan ng mga bagay na nilikha
ng Diyos , tsart ng tula

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Anu-ano ang mga ipinagpasalamat ng bata sa
Diyos? Bakit?

2. Pagganyak:

Awit: Sinong May Likha?

Sinong may likha
ng mga ibon (3x)

Sinong may likha ng mga ibon?

Ang Diyos Ama sa langit.

(Palitan ang ibon ng iba pang nilikha ng Diyos
tulad ng puno, araw, biutin, atbp.)

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad:

Iparinig/Ipabasa ang ang tula.

Salamat Po!

Sa simoy ng hangin sa kapaligiran

Sa mga magulang na sa aki'y nagmamahal

Sa mga kapatid, kaanak, kaibigan

Salamat po, Diyos kami ay buhay.

Sa awit ng ibon sa punong malabay

Na nagbibigay sa amin ng sigla sa buhay

Sa maraming bunga ng mga halaman

Salamat po, Diyos sa kasaganaan.

Sa dilim ng gabi na napakapanglaw

Mayroong bituin at buwang tumatanglaw

Sa sikat ng araw, na nakasisilaw

Salamat po, Diyos sa umaga ay ilaw.

Sa mga bulaklak sa aking paligid
Pati sa paruparong dito'y umaaligid
Sa patak ng ulan sa mga halaman
Salamat po, Diyos, sa Inyong kabutihan.

Sa dilim ng gabi na napakapanglaw

Mayroong bituin at buwang tumatanglaw

Sa sikat ng araw, na nakasisilaw

Salamat po, Diyos sa umaga ay ilaw.

2. Pagtalakay:

Anu-ano ang mga nilikha ng Diyos na dapat
nating pasalamatan? Bakit?

B. Pangwakas na Gawain

1. Paglalahat:

Sino ang may likha ng lahat ng bagay sa
mundo?

Tandaan:

Ang Diyos ang may likha ng lahat ng bagay
Kaya dapat lamang na Siya ay pasalamatan.

2. Paglalapat

Lutasin:

Nakarating ka sa isang magandang lugar.

Hangang-hanga ka sa kagandahan nito.

Ano ang iyong maaring gawin?

IV. Pagtataya:

Ipakita ang iyong pasasalamat sa Panginoon sa mga
bagay na nikha Niya. Bilugan ang titik ng tamang
sagot.

1. Tanawin ito na kaygandang pagmasdan

Sa lalawigan lamang matatagpuan

Sagana sa likas na yaman

Dito ay maraming tanim na halaman.

a. Ilog b. Bundok c. Langit

2. Kami'y laging nag-aawitan

Sa itaas ng puno't halaman.

a. isda b. ibon c. unggoy

3. Apat ang aming paa

Katulong ng tao sa tuwina.

a. isda b. ibon c. hayop

4. Tubig ang aming tirahan.

Kinakain ng tao araw-araw.

a. ibon b. isda c. hayop

5. Magaganda't iba't ibang kulay

Sa paligid nagbibigay buhay.

a. halaman b. bulaklak c. hayop

V. Kasunduan:

Isaulo ang tula.

BanghayAralinsa MTB-MLE
Pinagsanib na Aralin sa EsP at Art
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Unang Araw)

I. Layunin:

- Nakababasa nang wasto ng mga kuwento, alamat, sanaysay, balita, blogs at iba pa na may mataas na antas ng mga salita at mga salitang dapat pang pag-aralan.
- Nakababasang mga tekstong pang-unang baitang na may kawastuang 95-100 bahagdan.
- Nakababasa ng mga tekstong pang-unang baitang na apatan hanggang limahang parirala nang may wastong tono, damdamin at bantas
- Nakagagamit ng kontekstong hudyat sa pangungusap upang matukoy ang kahulugan ng mga salita.

II. PaksangAralin: Artikulo ni Agnes G. Rolle

A. Talasalitaan:

- a. Paggamit ng konteksto sa pangungusap upang matukoy ang kahulugan ng mga salita.
- b. Pagkilala na ang dalawang salita ay maaring maging isang tambalang salita

B. Katatasan:

- a. Pagbasa ng mga tekstong pang-unang baitang nang may kawastuang 95-100 bahagdan
- b. Pagbasa ng mga tekstong pang-unang baitang na apatan hanggang limahang parirala na may wastong tono, damdamin, at bantas

C. Pabigkas na Wika:Paggamit ng angkop na pahayag sa pagbibigay ng opinion, ideya, pananaw, at iba pa sa isang sitwasyon/suliranin/balita/pangyayari

D. Pag-unawa sa Binasa:

- a. Paghula kung ano ang kwento, pangyayaring pampaaralan at pampamayanan, kalagayan, gawain, alamat, at iba pa batay sa kontekstong kaugnay ng kahulugan nito.
- b. Pagsasabi kung ang kuwento ay makatotohanan o kathang isip.
- c. Pagbibigay ng maaring maging katapusan ng kwento, alamat, at iba pa
- d. Pagbibigay ng buod ng mga lathalain, usapin, blogs at patalastas na nabasa.

E. Kamalayan sa Gramatika: Paggamit ng mga salitang kilos sa pagsasalaysay ng sariling karanasan.

F. Pagkilala sa Salita: Pagbasa ng mga kuwento, alamat, sanaysay, balita, blogs at iba pa na may matataas na antas ng salita at mga salitang dapat pang pag-aralan.

G. Pagbaybay:

- a. Pagbaybay ng wasto ng mga salitang natutuhan.

- b. Pagbaybay nang wasto ng mga salitang naglalarawan na ginamit sa pangungusap.

H. Pagsulat: Pagsunod sa wastong pagitan ng mga salita, bantas, at gamit ng malaking letra sa sanaysay at pagkukuwento

I. Saloobin hinggil sa Wika, Literasi, at Panitikan: Pagpapakita ng pagmamahal sa pagbabasa sa pamamagitan ng masusing pakikinig sa oras ng pagbabasa ng kuwento at pagbibigay ng mga puna..

J. Sanggunian: K-12 Curriculum Guide pah. Two-Track Approach to Teaching Children to Read and Write Their First Language(L1) A Guidebook for Trainers (Susan and Dennis Malone, 2010)

Kagamitan: tsart ng kuwento, sequence map, larawan ng ibat ibang local na produkto

K. Paksa: Mga Mapagkukunan ng Kabuhayan sa Pamayanan/Trabaho/Kalakalan at Industriya(Tyangge)

L. Pagpapahalaga: Pagtangkilik sa sariling produkto

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Paghahanda:

A. Gawain Bago Bumasa:

Paghahawan ng balakid sa pamamagitan ng larawan/pangungusap./kilos

Produkto – Maraming produkto na yari sa aming pamayanan ang ibinebenta sa bayan. pamayanan – Binubuo ng pamilya ang isang pamayanan

materyales – Ang materyales na ginagamit sa paggawa ng iba't ibang produkto ay galing sa aming lugar.

2. Pagganyak:

Pangkatang Gawain: Pagkilala sa Lokal na Produkto

Gabay na Tanong:



3. Pagganyak na Tanong:

Anong gawain ang una nating isinagawa?
Tungkol saan ang ating tinalakay? May babasahin tayong artikulo na kaugnay ng ating tinalakay. Ano ang nais ninyong malaman tungkol dito?

Anong mga produkto sa ating Rehiyon ang nakatutulong upang magkaroon ng hanapbuhay at pagkakakitaan ang mga mamayan?

B. Gawain Habang Bumabasa:

1. Babasahin ng guro ang artikulo tungkol sa mga local na produkto ng pamayanan

ARTIKULO

Agnes G. Rolle

Ang Rehiyon IV – A CALABARZON ay binubuo ng mga lalawigan at lungsod. Sa bawat lalawigan at lungsod na ito ay makikita ang naiiba at natatanging produktong maipagmamalaki hindi lamang dito sa ating bansa maging sa ibang bansa.

Ang mga tela at damit na burdado tulad ng sa barong na pinya at jusi na gawa sa Laguna at Batangas ay sadyang tinahi nang maganda at makulay. Gayundin ang mga makabagong hikaw, kuwintas at pulseras na yari sa niyog at water lily ay sadyang kaakit-akit. Mayroon ding mga produkto para sa pagpapaganda, gamot at pampalusog ng katawan.

Matibay at mura ang mga sapin sa paa tulad ng sapatos at tsinelas mula sa Liliw, Laguna. Marami rin at magaganda ang mga gawang sombrero, bag, pamaypay at iba pa na yari sa buri. Matitibay din at magaganda ang mga kagamitan sa bahay tulad ng mesa upuan at iba pa mula Rizal.

Masasarap at masustansiya ang mga pagkaing na sa mga lalawigan lamang sa Rehiyon IV A CALABARZON matitikman tulad ng mga kakanin. Ang puto ng Biñan, buko pie, pulang itlog ng Laguna, Banana Chips at tahong chips ng Cavite, balaw-balaw ng Rizal (exotic food), pansit habhab ng Quezon. Ang muscivadong asukal ng Quezon, kapeng barako ng Batangas at tablea de cacao ng Batnagas at Cavite ay masustansiya. Sadyang natatangi ang mga produkto sa CALABARZON.

2. Talakayan:

Tungkol saan ang artikulo?

Anong mga lungsod ang bumubuo sa CALABARZON?

Magbigay ng mga local na produkto na makikita sa lungsod

IV. Pagtataya:

Basahin ang may wastong intonasyon, damdamin at bantas ang mga sumusunod na parirala, pangungusap mula sa artikulo:

natatanging produktong maipagmamalaki
matibay at mura

matitibay at magagandang kagamitan sa bahay
masasarap at masustansiyaang pagkain

V. Kasunduan:

Gumuhit ng 5 lokal na produktong makikita sa Laguna.

BanghayAralinsa MTB-MLE
Pinagsanib na Aralin sa EsP at Art
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Ikalawang Araw)

I. Layunin:

- Nakasusulat ng sanaysay at kwento na sinusunod ang tamang bantas, gamit ang malaking letra, pasok ng unang pangungusap sa talata, at kaayusan.
- Nakapagsasabi kung ang kwento ay makatotohanan o kathang isip

II. PaksangAralin: Artikulo ni Agnes G. Rolle

A. Talasalitaan:

- a. Paggamit ng konteksto sa pangungusap upang matukoy ang kahulugan ng mga salita.
- b. Pagkilala na ang dalawang salita ay maaring maging isang tambalang salita

B. Katatasan:

- a. Pagbasa ng mga tekstong pang-unang baitang nang may kawastuang 95-100 bahagdan
- b. Pagbasa ng mga tekstong pang-unang baitang na apatan hanggang limahang parirala na may wastong tono, damdamin, at bantas

C. Pabigkas na Wika: Paggamit ng angkop na pahayag sa pagbibigay ng opinion, ideya, pananaw, at iba pa sa isang sitwasyon/suliranin/balita/pangyayari

D. Pag-unawa sa Binasa:

- a. Paghula kung ano ang kwento, pangyayaring pampaaralan at pampamayanan, kalagayan, gawain, alamat, at iba pa batay sa kontekstong kaugnay ng kahulugan nito.
- b. Pagsasabi kung ang kuwento ay makatotohanan o kathang isip.
- c. Pagbibigay ng maaring maging katapusan ng kwento, alamat, at iba pa
- d. Pagbibigay ng buod ng mga lathalain, usapin, blogs at patalastas na nabasa.

E. Kamalayan sa Gramatika: Paggamit ng mga salitang kilos sa pagsasalaysay ng sariling karanasan.

F. Pagkilala sa Salita: Pagbasa ng mga kuwento, alamat, sanaysay, balita, blogs at iba pa na may mataas na antas ng salita at mga salitang dapat pang-pag-aralan.

G. Pagbaybay:

- a. Pagbaybay ng wasto ng mga salitang natutuhan.
- b. Pagbaybay nang wasto ng mga salitang naglalarawan na ginamit sa pangungusap.

H. Pagsulat: Pagsunod sa wastong pagitan ng mga salita, bantas, at gamit ng malaking letra sa sanaysay at pagkukuwento

I. Saloobin hinggil sa Wika, Literasi, at Panitikan: Pagpapakita ng pagmamahal sa pagbabasa sa pamamagitan ng masusing pakikinig sa oras ng pagbabasa ng kuwento at pagbibigay ng mga puna..

J. Sanggunian: K-12 Curriculum Guide pah. Two-Track Approach to Teaching Children to Read and Write Their First Language (L1)

A Guidebook for Trainers (Susan and Dennis Malone, 2010)

Kagamitan: tsart ng kuwento, sequence map, larawan ng ibat ibang local na produkto

K. Paksa: Mga Mapagkukunan ng Kabuhayan sa Pamayanan / Trabaho / Kalakalan at Industriya (Tyangge)

L. Pagpapahalaga: Pagtangkilik sa sariling produkto

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balik-aral:

Muling pag-usapan at balikan ang mga mahahalagang detalye sa artikulong nabasa kahapon.


2. Pagganyak:

Ipakita ang mga larawan ng mga local na produkto na makikita sa CALABARZON

Isa-isa itong ipatukoy sa mga bata.

B. Panlinang na Gawain:

1. Gabayan ang mga bata sa pagbuo ng isang talata tungkol sa mga produktong nabanggit sa artikulo. Pasundan ang sequence map sa mga bata.



Hal.

Ang Abaniko

Sa Liliw, Laguna matatagpuan ang isa sa ipinagmamalaking local na produkto..

Ito ay yari sa buri. Matiyaga itong hinahabi upang gawing pamaypay. Nagbibigay ito ng ginhawa sa mga taong naiinitan.

2. Talakayan:

Tungkol saan ang talata?

Paano isinulat ang unang pangungusap?

Ano ang inilagay sa hulihan ng bawat pangungusap?

Alin ang ginamitan ng malaking letra?

C. Pangwakas ng Gawain:

1. Paglalahat:

Pano ang pagsulat ng talata?

Tandaan:

Gumagamit ng malaking letra sa pagsulat ng mga pangungusap sa talata.

Ang unang pangungusap ay nakapasok.

Gumagamit din ng bantas sa hulihan ng bawat pangungusap.

IV. Pagtataya:

Ayusin ang mga pangungusap upang makabuo ng isang talata.

Sundin ang pasok ng unang pangungusap sa talata, at kaayusan.

Puno ng buhay
Ang niyog ay puno ng buhay
Maraming nagagawang bagay sa bawat bahagi ng puno ng niyog.

V. Kasunduan:

Gumawa ng sariling talata tungkol sa isang local na produkto.

BanghayAralinsa MTB-MLE
Pinagsanib na Aralin sa EsP at Art
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Ikatlong Araw)

I. Layunin:

- Nakatutukoy ng mga salitang naglalarawan sa tao, lugar at bagay.
- Nakakikilala ng antas ng mga naglalarawan (mas at pinaka)

II. PaksangAralin: Artikulo ni Agnes G. Rolle

A. Talasalitaan:

- a. Paggamit ng konteksto sa pangungusap upang matukoy ang kahulugan ng mga salita.
- b. Pagkilala na ang dalawang salita ay maaring maging isang tambalang salita

B. Katatasan:

- a. Pagbasa ng mga tekstong pang-unang baitang nang may kawastuang 95-100 bahagdan
- b. Pagbasa ng mga tekstong pang-unang baitang na apatan hanggang limahang parirala na may wastong tono, damdamin, at bantas

C. Pabigkas na Wika: Paggamit ng angkop na pahayag sa pagbibigay ng opinion, ideya, pananaw, at iba pa sa isang sitwasyon/suliranin/balita/pangyayari

D. Pag-unawa sa Binasa:

- a. Paghula kung ano ang kwento, pangyayaring pampaaralan at pampamayanan, kalagayan, gawain, alamat, at iba pa batay sa kontekstong kaugnay ng kahulugan nito.
- b. Pagsasabi kung ang kuwento ay makatotohanan o kathang isip.
- c. Pagbibigay ng maaring maging katapusan ng kwento, alamat, at iba pa
- d. Pagbibigay ng buod ng mga lathalain, usapin, blogs at patalastas na nabasa.

E. Kamalayan sa Gramatika: Paggamit ng mga salitang kilos sa pagsasalaysay ng sariling karanasan.

F. Pagkilala sa Salita: Pagbasa ng mga kuwento, alamat, sanaysay, balita, blogs at iba pa na may matataas na antas ng salita at mga salitang dapat pang pag-aralan.

G. Pagbaybay:

- a. Pagbaybay ng wasto ng mga salitang natutuhan.
- b. Pagbaybay nang wasto ng mga salitang naglalarawan na ginamit sa pangungusap.

H. Pagsulat: Pagsunod sa wastong pagitan ng mga salita, bantas, at gamit ng malaking letra sa sanaysay at pagkukuwento

I. Saloobin hinggil sa Wika, Literasi, at Panitikan:

Pagpapakita ng pagmamahal sa pagbabasa sa pamamagitan ng masusing pakikinig sa oras ng pagbabasa ng kuwento at pagbibigay ng mga puna.

J. Sanggunian: K-12 Curriculum Guide pah.

Two-Track Approach to Teaching Children to Read and Write Their First Language(L1)

A Guidebook for Trainers (Susan and Dennis Malone, 2010)

Kagamitan: tsart ng kuwento, sequence map, larawan ng ibat ibang local na produkto

K. Paksa: Mga Mapagkukunan ng Kabuhayan sa Pamayanan / Trabaho / Kalakalan at Industriya (Tyangge)

L. Pagpapahalaga: Pagtangkilik sa sariling produkto

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balik-aral:

Sabihin kung ang pangungusap ay makatotohanan o kathang-isip lamang.

a. ang niyog ay tinatawag na “puno ng buhay”

b. Maraming nagagawang bagay sa bawat bahagi ng puno ng niyog.

c. Ang puno ng niyog ay tirahan ng mga kapre.

d. Matamis ang sabaw ng buko.

e. May mga mata ang buko.

2. Pagganyak:

Laro; “ Ipasa ang Basket”

3. Paglalahad:

Basahin ang diyalogo:

Mina: Naku, nagbakasyon kami sa probinsiya ng aking Lola Ensang at Lolo Sendong!

Roy: Ano-ano ang nakita mo roon?

Mina : Maraming puno ng niyog sa tabi ng kanilang bahay. Umiinom kami ng sabaw ng buko.

Matamis at masarap ito. May matitibay na gamit din silang gawa sa niyog tulad ng sandok, mangkok, mesa, at upuan.

Roy: Ang galing naman! Tiyak na malamig at malinis ang hangin doon.

Mina: Huwag kang mag-alala. Isasama kita roon sa susunod na bakasyon. Siguradong matutuwa ka sa makikita mo sa magandang lugar nina Lola Ensang at Lolo Sendong.

4. Talakayan:

a. Saan nagbakasyon si Mina?

b. Anu-ano ang kanyang nakita roon?

c. Anong mga salitang naglalarawan ang tumutukoy sa lugar at bagay ang ginamit sa diyalogo?

C. Pangwakas ng Gawain:

1. Paglalahat:

Ano ang salitang naglalarawan?

Tandaan:

Ang mga salitang naglalarawan ay mga salitang nagsasabi ng tungkol sa kulay, laki, hugis, bilang at uri ng tao, bagay, lugar, at pangyayari.

Gumagamit ng antas sa paglalarawan gamit ang mga salitang: mas at pinaka

Ginagamit ang mas kung naghahambing ng dalawang tao, pook, bagay o hayop.

Ginagamit ang pinaka kung naghahambing ng 3 tao, bagay, pook o hayop

hal. Maganda si Lorna.

Mas maganda si Fe kay Lorna.

Pinakamaganda si Aida sa tatlong dalaga.

2. Pagsasanay:

Magbigay ng mga salitang naglalarawan sa:

tao, pook, bagay, hayop. Gamitin ang mas at pinaka sa paghahambing.

IV. Pagtataya:

Ikahon ang salitang naglalarawan na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Mamahalin ang relo ni Roy.

2. Masarap ang sabaw ng buko.

3. Ang ibong maya ay mailap.

4. Matatarik ang bangin sa bundok.

5. Matalim ang gunting ko.

V. Kasunduan:

Sumulat ng 10 salitang naglalaraw

BanghayAralinsa MTB-MLE
Pinagsanib na Aralin sa EsP at Art
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Ika-apat na Araw)

I. Layunin:

- nakakikilala na ang dalawang salita ay maaring maging isang tambalang salita.

II. PaksangAralin: Tambalang Salita

A. Talasalitaan:

- a. Paggamit ng konteksto sa pangungusap upang matukoy ang kahulugan ng mga salita.
- b. Pagkilala na ang dalawang salita ay maaring maging isang tambalang salita

B. Katatasan:

- a. Pagbasa ng mga tekstong pang-unang baitang nang may kawastuang 95-100 bahagdan
- b. Pagbasa ng mga tekstong pang-unang baitang na apatan hanggang limahang parirala na may wastong tono, damdamin, at bantas

C. Pabigkas na Wika:

Paggamit ng angkop na pahayag sa pagbibigay ng opinion, ideya, pananaw, at iba pa sa isang sitwasyon/suliranin/balita/pangyayari

D. Pag-unawa sa Binasa:

- a. Paghula kung ano ang kwento, pangyayaring pampaaralan at pampamayanan, kalagayan, gawain, alamat, at iba pa batay sa kontekstong kaugnay ng kahulugan nito.
- b. Pagsasabi kung ang kuwento ay makatotohanan o kathang isip.
- c. Pagbibigay ng maaring maging katapusan ng kwento, alamat, at iba pa
- d. Pagbibigay ng buod ng mga lathalain, usapin, blogs at patalastas na nabasa.

E. Kamalayan sa Gramatika: Paggamit ng mga salitang kilos sa pagsasalaysay ng sariling karanasan.

F. Pagkilala sa Salita: Pagbasa ng mga kuwento, alamat, sanaysay, balita, blogs at iba pa na may matataas na antas ng salita at mga salitang dapat pang pag-aralan.

G. Pagbaybay:

- a. Pagbaybay ng wasto ng mga salitang natutuhan.
- b. Pagbaybay nang wasto ng mga salitang naglalarawan na ginamit sa pangungusap.

H. Pagsulat: Pagsunod sa wastong pagitan ng mga salita, bantas, at gamit ng malaking letra sa sanaysay at pagkukuwento

I. Saloobin hinggil sa Wika, Literasi, at Panitikan:

Pagpapakita ng pagmamahal sa pagbabasa sa pamamagitan ng masusing pakikinig sa oras ng pagbabasa ng kuwento at pagbibigay ng mga puna..

J. Sanggunian: K-12 Curriculum Guide pah.

Two-Track Approach to Teaching Children to Read and Write Their First Language(L1)

A Guidebook for Trainers (Susan and Dennis Malone, 2010)

Kagamitan: plaskard

K. Paksa: Mga Mapagkukunan ng Kabuhayan sa Pamayanan/Trabaho/Kalakalan at Industriya(Tyangge)

L. Pagpapahalaga: Pagtangkilik sa sariling produkto

III. Pamamaraan:

B. Panimulang Gawain:

1. Balik-aral:

Pagkabitin ng guhit ang pangpangalan at ang salitang naglalarawan dito.

sanggol

buhok

pagong

guro

kutsilyo

matalim

mabagal

matiyaga

mahaba

mataba

2. Pagganyak:

Awit: Bahay Kubo

Tungkol saan ang awit?

Anu-ano ang mga nakikita sa bahay-kubo?

Ilang salita ang bumubuo sa salitang bahay-kubo?

3. Paglalahad:

Pag-aralan ang tsart ng mga maliliit na salita.

Maliit na Salita	Maliit na Salita	Tambalang Salita
Bahay	kubo	Bahay-kubo
Dalaga	Bukid	Dalagang-bukid
Puno	kahoy	Punong-kahoy
Kambal	tuko	Kamba-Ituko
Barangay	tanod	Barangay-tanod

4. Talakayan:

Basahin ang mga maliit na salita sa dalawang hanay.

Ano ang nabuo nang pinagsama ang dalawang maliit na salita?

C. Pangwakas ng Gawain:

1. Paglalahat:

Ano ang tambalang salita?

Ilang maliliit na salita ang bumubuo dito?

Tandaan:

Ang tambalang salita ay binubuo ng dalawang maliliit na salita.

hal. gawain+bahay = gawaing-bahay

baboy+ramo = baboy-ramo

pilik + mata = pilik-mata

2. Pagsasanay:

Pagtambalin ang dalawang maliliit na salita para makabuo ng tambalang salita.

bahag tulugan

walis araw

bunga hari

silid tulog

ahas tingting

IV. Pagtataya:

Ikahon ang tambalang salita na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Maraming pagkain sa hapag-kainan.

2. Sumama ang mga bata sa alay-lakad.

3. Abala ang nanay sa silid-lutuan.

4. Nangangati ang aking bungang-araw.

5. Pito ang kulay ng bahag-hari.

V. Kasunduan:

Sumulat ng 5 tambalang salita na wala pa sa listahan ng napag-aralang tambalang Salita.

BanghayAralinsa MTB-MLE
Pinagsanib na Aralin sa EsP at Art
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Ikalimang Araw)

I. Layunin:

- nakasulat ng sanaysay at kuwento na sinusunod ang tamang bantas, gamit ng malaking letra, pasok ng unang pangungusap sa talata, at kaayusan.
- nakatutukoy ng mga salitang naglalarawan sa tao, lugar at bagay.

II. PaksangAralin: Pang-uri

A. Talasalitaan:

- Paggamit ng konteksto sa pangungusap upang matukoy ang kahulugan ng mga salita.
- Pagkilala na ang dalawang salita ay maaring maging isang tambalang salita

B. Katatasan:

- Pagbasa ng mga tekstong pang-unang baitang nang may kawastuang 95-100 bahagdan
- Pagbasa ng mga tekstong pang-unang baitang na apatan hanggang limahang parirala na may wastong tono, damdamin, at bantas

C. Pabigkas na Wika: Paggamit ng angkop na pahayag sa pagbibigay ng opinion, ideya, pananaw, at iba pa sa isang sitwasyon/suliranin/balita/pangyayari

D. Pag-unawa sa Binasa:

- Paghula kung ano ang kwento, pangyayaring pampaaralan at pampamayanan, kalagayan, gawain, alamat, at iba pa batay sa kontekstong kaugnay ng kahulugan nito.
- Pagsasabi kung ang kuwento ay makatotohanan o kathang isip.
- Pagbibigay ng maaring maging katapusan ng kwento, alamat, at iba pa
- Pagbibigay ng buod ng mga lathalain, usapin, blogs at patalastas na nabasa.

E. Kamalayan sa Gramatika: Paggamit ng mga salitang kilos sa pagsasalaysay ng sariling karanasan.

F. Pagkilala sa Salita: Pagbasa ng mga kuwento, alamat, sanaysay, balita, blogs at iba pa na may matataas na antas ng salita at mga salitang dapat pang pag-aralan.

G. Pagbaybay:

- Pagbaybay ng wasto ng mga salitang natutuhan.
- Pagbaybay nang wasto ng mga salitang naglalarawan na ginamit sa pangungusap.

H. Pagsulat: Pagsunod sa wastong pagitan ng mga salita, bantas, at gamit ng malaking letra sa sanaysay at pagkukuwento

I. Saloobin hinggil sa Wika, Literasi, at Panitikan:

Pagpapakita ng pagmamahal sa pagbabasa sa pamamagitan ng masusing pakikinig sa oras ng pagbabasa ng kuwento at pagbibigay ng mga puna..

J. Sanggunian: K-12 Curriculum Guide pah.

Two-Track Approach to Teaching Children to Read and Write Their First Language(L1)

A Guidebook for Trainers (Susan and Dennis Malone, 2010)

Kagamitan:
plaskard

K. Paksa: Mga Mapagkukunan ng Kabuhayan sa Pamayanan/Trabaho/Kalakalan at Industriya(Tyangge)

L. Pagpapahalaga: Pagtangkilik sa sariling produkto

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balik-aral:

Dugtungan ang maliit na salita para makabuo ng halimbawa ng mga tambalang salita.

bunga

sira

halik

2. Pagganyak:

Ano ang paborito mong pagkain?

Bakit ito ang iyong paborito?

3. Paglalahad:

Ngayong araw, tayo ay susulat ng sanaysay na naglalarawan sa paborito ninyong pagkain.

Pag-aralan ang halimbawa.

Sinigang na Baboy

Sinigang na baboy ang paborito kong pagkain.

Gustong-gusto ko ang mainit at maasim na sabaw.

Malinamnam din ang malambot na karne at ang malambot na sahog na gabi.

4. Talakayan:

Salungguhitan ang salitang naglalarawan sa paborito mong pagkain.

Kaya mo bang sundin ang mga tuntunin sa paggamit ng wastong bantas, malaking letra, tamang pasok ng pangungusap sa talata, at ayos ng talata.

C. Pangwakas ng Gawain:

1. Paglalahat:

Paano ang pagsulat ng sanaysay?

Tandaan:

Sa pagsulat ng sanaysay kailangang sundin ang mga tuntunin sa paggamit ng wastong bantas, malaking letra, tamang pasok ng pangungusap sa talata, at ayos ng talata.

2. Pagsasanay:

Pagsulat ng sanaysay o maikling kwento ng mga bata na naglalarawan ng paborito nilang pagkain.

IV. Pagtataya:

Piliin sa loob ng kahon ang salita upang mabuo ang pangungusap.

matibay masaya malinis mahaba matigas

1. ___sila dahil marami ang kanilang naibentang produkto.

2. Laging sinisigurado ni Roy na ___ang paninda nilang sapatos.

3. ___ang taling ginamit sa paggawa ng palamuti.

4. ___ang upuang gawa sa puno ng niyog.

5. Ilagay ang basura sa tamang lalagyan upang mapanatiling___ang paligid.

V. Kasunduan

Gamitin sa pangungusap:
malambot

malayo
masipag

Banghay Aralin sa Filipino I
Pinagsanib na aralin sa Filipino at Araling
Panlipunan
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Unang Araw)

I. Layunin:

- Nailalarawan ang mga trabaho/hanapbuhay, negosyo sa pamayanan.

II. Paksa: Komunikasyon: Kabuhayang Pampamayanan/Trabaho, Industriya ng Pakikipagkalakalan

1. Wikang Binigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Nailalarawan ang tono (pataas, pababa) ng boses ng bumabasa o naglalahad ng kuwento.

2. Gramatika: Napagtutugma ang mga salitang magkasalungat sa tulong ng mga larawan.

Sanggunian:

K-12 Filipino I Patnubay ng Guro (Q 3 & 4) pah. 23-26

Kagamitan: mga larawan ng mga salitang magkasalungat (Mainit ng siopao, malamig na halu-halo, ibabaw-ilalim)

III. Pamamaraan:

1. Paunang Pagtataya:

Pagtambalin ang dalawang magkasalungat na larawan.

larawan ng sorbetes

larawan ng kape

larawan ng mataas na puno

larawan ng langgam

larawan ng elepante

2. Tukoy-Alam:

Ano ang tawag sa dalawang salita na magkabaligtad ang ibig sabihin?

3. Tunguhin

Ngayong araw ay pag-aaralan natin ang mga salitang magkasalungat o magkabaligtad ng kahulugan.

4. Paglalahad:

Gumamit ng ilustrasyon para ipakita ang kinaroroonan ng mga bagay sa pangungusap.

Nasa ilalim ng puno ang bata samantalang nasa ibabaw ng puno ang pugad.

Nasa loob ng silid ang ama at nasa labas naman ng silid ang ina.

Malamig ang sorbetes subalit mainit naman ang kape.

Mahaba ang buhok ni Liza at maikli naman ang kay Mel.

Matangkad ang ama ngunit pandak naman ang anak niya.

5. Pagtuturo at Paglalarawan:

Tumawag ng mga bata at paguhitan ang salitang magkasalungat sa bawat pangungusap.

6. Paglalahat:

Ano ang tawag natin sa mga salitang magkabaligtad ang kahulugan?

Tandaan:

Magkasalungat ang tawag sa dalawang salita na magkabaligtad ang kahulugan.

7. Kasanayang Pagpapayaman:

Bumunot ng salita at ibigay ang kasalungat nito.
maputi
maalat
mahiyain
makupad
malata

IV. Pagtataya:

Ilarawan ang hanapbuhay sa pamayanan .

Isulat ang salitang kasalungat ng salitang may salungguhit.

1. Tamad ang mga manggagawang Pilipino.
2. Madaling mapagod ang mga sa magsasaka.
3. Makupad lumangoy ang mga mangingisda.
4. Matatamlay ang mga manananim sa bukid.
5. Marami ang mga ani ng mga magbubukid.

V. Kasunduan:

Sumulat ng 5 pares ng salitang magkasalungat sa inyong kwaderno.

Banghay Aralin sa Filipino I
Pinagsanib na aralin sa Filipino at Araling
Panlipunan
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Ikalawang Araw)

I. Layunin:

- Nailalarawan ang tono (pataas, pababa) ng boses ng bumabasa o naglalahad ng kuwento.

II. Paksa: Komunikasyon: Kabuhayang Pampamayanan/Trabaho, Industriya ng Pakikipagkalakalan

1. Wikang Binigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Nailalarawan ang tono (pataas, pababa) ng boses ng bumabasa o naglalahad ng kuwento.

2. Gramatika: Napagtutugma ang mga salitang magkasalungat sa tulong ng mga larawan.

Sanggunian: K-12 Filipino I Patnubay ng Guro (Q 3 & 4) pah. 23-26

Kagamitan: aklat ng Tiktaktok at Pikpakbum ni Rene O Villanueva

(Magpalit-palit ng paraan ng pagsasalita)

III. Pamamaraan:

1. Paunang Pagtataya:

Paano mo malalaman kung masaya, malungkot, galit, o takot ang tauhan sa isang kwento?

2. Tukoy-Alam:

Anu-ano ang iba't ibang damdamin ng isang tauhan sa kwento?

3. Tunguhin

Ano ang nararamdaman mo ngayon?

Paano mo ito ipapakita?

4. Paglalahad:

Babasahin ng guro ang kwento gamit ang iba't ibang paraan ng pagsasalita o tono ng boses.

5. Pagtuturo at Paglalarawan:

Pakinggan ang ilang linya mula sa kwento.

Sabihin ang damdaming ipinahahayag nito.

Masaya, malungkot, galit, takot?

6. Paglalahat:

Paano mo ilalarawan ang tono ng boses ng bumabasa o nagpapahayag ng kwento?

Tandaan:

Ang damdamin ng tauhan ay natutukoy sa pamamagitan ng kanyang sinabi o ikinilos sa

kwento. Maaring siya ay natutuwa, natatakot, nagagalit at iba pa.

7. Kasanayang Pagpapayaman:

Ipakita ang damdamin sa bawat sitwasyong ibibigay ng guro.

hal.

Pupunta kayo sa Star City. _____

May malaking daga na tumakbo sa paa mo. _____

IV. Pagtataya:

Tukuyin ang nararamdam ng tauhan batay sa kanyang sinabi.

A- Natutuwa B- Nalulungkot

C- Nagagalit D- Natatakot

___1. "Nay, ang dilim! Lalabas po ako!"

___2. "Bertdey ni ni Nanay. Wala akong pambili ng regalo."

___3. "Naku, may ahas na malaki sa kahon!"

___4. "Bakit mo naman sinira ang manika ko?"

___5. "100 ang nakuha ko sa test kanina!"

V. Kasunduan:

Gamitin ang iba't ibang tono, bigkasin nang may wastong damdamim ang mga pangungusap na nasa IV.

Banghay Aralin sa Filipino I
Pinagsanib na aralin sa Filipino at Araling
Panlipunan
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Ikatlong Araw)

I. Layunin:

- Nailalarawan ang mga litrato batay sa kuwento at naibibigay ang kasalungat nito.

II. Paksa: Komunikasyon: Kabuhayang Pampamayanan/Trabaho, Industriya ng Pakikipagkalakalan

1. Wikang Binigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Nailalarawan ang tono (pataas, pababa) ng boses ng bumabasa o naglalahad ng kuwento.
2. Gramatika: Napagtutugma ang mga salitang magkasalungat sa tulong ng mga larawan.
Sanggunian: K-12 Filipino I Patnubay ng Guro (Q 3 & 4) pah. 23-26
Kagamitan: iba't ibang larawan, pangkulay atbp.

III. Pamamaraan:

1. Paunang Pagtataya:
Pumalakpak kung magkasalungat ang dalawang salita at huwag kung hindi.
mataba-mapayat
malaki-maliit
makunat-malutong

2. Tukoy-Alam:

Ano ang tawag sa dalawang salita na magkaiba ang kahulugan o ibig sabihin?

3. Tunguhin

Ano ang kabaligtaran ng ____?

4. Paglalahad:

Laro:

Bigyan ang mga bata ng plaskard ng mga salita. Sa hudyat na ibibigay ng guro, hahanapin ng bata ang kanyang kapareha na may hawak ng plaskard ng salitang kasalungat ng salitang hawak niya. Ang unang pares na makakita ng kanyang kapareha ang siyang panalo.

5. Pagtuturo at Paglalarawan:

Ipabasa sa mga bata ang mga salitang mabubuo sa pisara nang pangkatan at isahan.

6. Paglalahat:

Ano ang tawag natin sa mga salitang magkabaligtad ang kahulugan?

Tandaan:

Magkasalungat ang tawag sa dalawang salita na magkabaligtad ang kahulugan.

7. Kasanayang Pagpapayaman:

Tingnan ang mga larawan. Pumili ng isa at iguhit ang kabaligtaran nito.

IV. Pagtataya:

Tingnan ang larawan. Pumili ng isa at iguhit ang kabaligtaran nito.

V. Kasunduan:

Ibigay ang kasalungat ng:

1. mayaman
2. malapit

Banghay Aralin sa Filipino I
Pinagsanib na aralin sa Filipino at Araling
Panlipunan
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Ika-apat na Araw)

I. Layunin:

- Nagagamit ang iba't ibang tono para maipakita ang kasalungat na damdamin.

II. Paksa: Komunikasyon: Kabuhayang Pampamayanan/Trabaho, Industriya ng Pakikipagkalakalan

1. Wikang Binigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Nailalarawan ang tono (pataas, pababa) ng boses ng bumabasa o naglalahad ng kuwento.

2. Gramatika: Napagtutugma ang mga salitang magkasalungat sa tulong ng mga larawan.

Sanggunian:

K-12 Filipino I Patnubay ng Guro (Q 3 & 4) pah. 23-26

Kagamitan: cellphone speaker/ emotions card, strip of cartolina etc.

III. Pamamaraan:

1. Tunguhin

Ngayong araw, makikinig tayo sa ilang mga pangungusap at susubukin nating tukuyin ang mga kasalungat na tono ng mga ito.

2. Paglalahad:

Iparinig sa mga bata ang mga pangungusap.

Hayaang tukuyin nila ang damdaming ipinahihiwatig ng bawat isa at ipabigay ang kasalungat nito.

hal. Yipee, pupunta kami sa Star City!- tuwa

3. Pagtuturo at Paglalarawan:

Ipabasa sa mga bata ang mga pangungusap nang may angkop na damdamin.

4. Paglalahat:

Ano ang tawag natin sa mga salitang magkabaligtad ang kahulugan?

Tandaan:

Magkasalungat ang tawag sa dalawang salita na magkabaligtad ang kahulugan.

5. Kasanayang Pagpapayaman:

Paano mo ipahahayag ang kasalungat na damdamin ng bawat pangungusap?

“Ano ka ba ang ngay ngay mo!”

“Bakit ba sunod-ka nang sunod sa akin?”

“Nakakatuwa ka naman.”

IV. Pagtataya:

Gamitin ang plaskard ng emosyon: tuwa, lungkot, galit, o takot.

1. “Sana nag-aral ako ng leksiyon bago nagtest.”

2. “Umalis ka na ngayon sa harap ko.”

3. “Kaarawan ko ngayon.”

4. “Sino ang sumira sa bago kong aklat?”

5. “Wow, may cake at ice cream ako sa kaarawan ko!”

V. Kasunduan:

Iguhit ang kasalungat ng damdaming ipinahahayag sa pangungusap.

Darating ang tatay galing ng Saudi.

Banghay Aralin sa Filipino I
Pinagsanib na aralin sa Filipino at Araling
Panlipunan
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Ikalimang Araw)

I. Layunin:

- Napagtutugma ang mga salitang magkasalungat sa tulong ng mga larawan.

II. Paksa: Komunikasyon: Kabuhayang Pampamayanan/Trabaho, Industriya ng Pakikipagkalakalan

1. Wikang Binigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Nailalarawan ang tono (pataas, pababa) ng boses ng bumabasa o naglalahad ng kuwento.

2. Gramatika: Napagtutugma ang mga salitang magkasalungat sa tulong ng mga larawan.

Sanggunian:

K-12 Filipino I Patnubay ng Guro (Q 3 & 4) pah. 23-26

Kagamitan: lapis, papel, pangkulay

III. Pamamaraan:

1. Tunguhin

Ngayong araw, magtutugma tayo ng mga salitang magkasalungat sa tulong ng mga larawan.

2. Paglalahad:

Tingnan ang mga larawan.

elepante – langgam

yelo – kape

itim – puti

matangkad – pandak

malalim - mababaw

3. Pagtuturo at Paglalarawan:

Bakit magkatugma ang unang pares ng larawan? ang elepante ay malaki . Ang langgam ay maliit malaki-maliit

Ang yelo ay malamig. Ang kape ay mainit.

malamig - mainit

4. Paglalahat:

Ano ang tawag natin sa mga salitang magkabaligtad ang kahulugan?

Tandaan:

Magkasalungat ang tawag sa dalawang salita na magkabaligtad ang kahulugan.

5. Kasanayang Pagpapayaman:

Kumuha ng larawan at itambal ito sa kasalungat nito.

Hal. ulan - araw

IV. Pagtataya:

Pag-ugnayin ng guhit ang dalawang larawang magkasalungat ang kahulugan.

Hanay A

Hanay B

1. lalaki

maganda

2. pulubi

araw

3. kape

babae

4. ulan

prinsipe

5. pangit

gatas

V. Kasunduan:

Gumuhit ng 3 pares ng magkasalungat na salita sa inyong kwaderno.

ARALING PANLIPUNAN I

Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Unang Araw)

I. LAYUNIN:

- natutukoy ang distansiyang katulad ng malapit at malayo.

II. PAKSANG-ARALIN: Ako at ang Aking Tahanan at Paaralan

- A. Aralin 1: Ang Aking Pang-unawa sa Konsepto ng Distansiya
- B. Sanggunian:
raling Panlipunan Curriculum Guide pah. 11
Teacher's Guide pp. 72-74
Activity Sheets pp. 39-42
- C. Kagamitan:
tali, 3 bata, mga larawan ng mga bagay
- D. Integrasyon ng aralin sa ESP, Art at Filipino

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. Balik-aral:
Ano ang kahalagahan ng paaralan sa buhay ng isang bata?
2. Pagganyak:
Awit: Ang Globo
Ano ang masasabi mo sa mga pulo na nabanggit sa awit?
Pare-pareho ba sila ng kinaroroonan?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paunang Pagtataya:
Itanong: Paano mo malalaman ang kinaroroonan ng isang bagay?
2. Paglalahad:
Tumawag ng 3 bata. Magtakda ng letra sa bawat kasapi: A, B, C. Paghawakin ang bata sa titik A ng 2 tali. Ipahawak ang tali sa dalawang bata na nasa titik B at C hanggang sa maunat ang tali A



3. Pagtalakay:

Ano ang napansin mong pagkakaiba ng dalawang tali?

Aling tali ang hawak ng kasaping mas malayo?

Aling tali ang hawak ng kasaping mas malapit?

4. Paglalahat:

Ano ang ibig sabihin ng distansiya?


Tandaan:

Ang distansiya ay nagpapakita ng lapit o layo sa pagitan ng dalawang bagay.

5. Paglalapat:

Tingnan at suriin mo ang mga larawang nasa ibaba. Kulayan ang larawan na nagpapakita ng distansiyang malapit.

Mula sa pisara, aling bagay ang mas malapit?



Mula sa kotse, aling bagay ang mas malapit?



IV. Pagtataya:

Sukatin ang distansiya ng mga bagay na nakatala sa ibaba. Isulat kung ilang hakbang ang layo sa pagitan ng dalawang bagay.

Mga Bagay	Ilang Hakbang
Pisara at mesa ng guro	
Pisara at upuan ng guro	
Pisara at pintuan	
Pisara at iyong desk	

Mula sa pisara, aling sa mga gamit ang nagpapakita ng distansiyang malapit? Alin sa mga gamit ang nagpapakita ng distansiyang malayo?

V. Kasunduan:

Gumuhit ng 2 bagay na malapit sa iyong kinauupuan sa silid-aralan.

ARALING PANLIPUNAN I
Ika-apat na Markahan
Unang Linggo
(Ikalawang Araw)

I. LAYUNIN:

- naituturo ang direksiyon tulad ng kanan at kaliwa.

II. PAKSANG-ARALIN: Ako at ang Aking Tahanan at Paaralan

A. Aralin 2: Ang Aking Pang-unawa sa Konsepto ng Direksiyon: Kanan at Kaliwa

B. Sanggunian:

Araling Panlipunan Curriculum Guide pah. 11
Teacher's Guide pp. 74-75
Activity Sheets pp. 42-44

C. Kagamitan:

mga larawan ng hayop

D. Integrasyon ng aralin sa ESP, Art at Filipino

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. Balik-aral:

Ano ang tawag sa nagpapakita ng lapit o layo sa pagitan ng dalawang bagay?

Mula sa pisara, aling bagay ang mas malayo? ang desk o ang demo table?

2. Pagganyak:

Awit: I Have Two Hands

Ilan ang iyong mga kamay?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paunang Pagtataya:

Itanong: Alam mo ba kung saan ang iyong kanan?kaliwa?

2. Paglalahad:

A. Gawain 1

Pagbakat ng mga bata sa kanilang kanan at kaliwang kamay sa isang malinis na papel.

B. Gawain 2

Laro: Harap sa Kanan, Harap sa Kaliwa

3. Pagtalakay:

Ano ang mga direksiyon na ginagamit sa pagtukoy ng kinalalagyan ng mga bagay.

4. Paglalahat:

Tandaan: May iba't ibang direksiyon tulad ng kanan at kaliwa na magagamit sa pagtukoy ng kinalalagyan ng mga bagay.

5. Paglalapat:

Tingnan ang mga larawan ng iba't ibang hayop sa ibaba. Kulayan ng dilaw ang mga hayop na nakaharap sa kanan at berde ang mga nakaharap sa



kaliwa.



IV. Pagtataya:

Ituro kung nasa kanan o kaliwa ang bagay na babanggitin ko.

1. lababo
2. pinto
3. cabinet
4. walis
5. basurahan

V. Kasunduan:

Gumuhit ng bagay na makikita sa gawing kanan at gawing kaliwa ng inyong bahay.

ARALING PANLIPUNAN I

Ika-apat na Markahan

Unang Linggo

(Ikatlong Araw)

I. LAYUNIN:

- naituturo ang direksiyon tulad ng likod at harap.

II. PAKSANG-ARALIN: Ako at ang Aking Tahanan at Paaralan

A. Aralin 3: Ang Aking Pang-unawa sa Konsepto ng Direksiyon:

B. Sanggunian:

Araling Panlipunan Curriculum Guide pah. 11

Teacher's Guide pp. 74-75

Activity Sheets pp. 42-44

C. Kagamitan:

mga larawan ng hayop

D. Integrasyon ng aralin sa ESP, Art at Filipino

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. Balik-aral:

Laro; Kanan o Kaliwa

2. Pagganyak:

Tula: Ang Bahay Kubo

Bahay Kubo

Ang bahay na kubo

Na ligid ng bakod

May tanim sa harap

May tanim sa likod

Palaging malinis

Palaging maayos.

May mga bulaklak

May gulay at talbos

Sa katawang hapo

Ay pawang pampalusog

Tanging kayamanan

Ng taong masinop.

Ano ang makikita sa harap at likod ng bahay kubo?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paunang Pagtataya:

Itanong: Alam mo ba kung saan ang iyong harap? likod?

2. Paglalahad:

Suriin ang larawan. Ano ang mga bagay na nasa harapan ng bata? Ano naman ang mga bagay na nasa kanyang likuran?



3. Pagtalakay:

Ano ang mga direksiyon na ginagamit sa pagtukoy ng kinalalagyan ng mga bagay.

4. Paglalahat:

Tandaan: May iba't ibang direksiyon tulad ng harap at likod na magagamit sa pagtukoy ng kinalalagyan ng mga bagay.

5. Paglalapat:

Laro: Kanan-Kaliwa Harap-Likod

IV. Pagtataya:

Ituro ang direksiyong kinaroroonan ng pisara at CR. Iguhit ang mga ito.

V. Kasunduan:

Tumayo sa loob ng iyong silid.

Iguhit ang mga bagay na makikita mo sa kanan, kaliwa, harap at likod.

Pag-aralan ang kinalalagyan ng bawat bagay. Subuking ilarawan sa isang papel ang inyong napagmasdan at napag-aralang kinalalagyan ng mga bagay habang kayo ay nakatayo.

Sa halip na iguhit ang eksaktong anyo ng mga bagay, gumamit ng iba't ibang hugis na kumakatawan sa mga ito.

ARALING PANLIPUNAN I

Ika-apat na Markahan

Unang Linggo

(Ika-apat na Araw)

I. LAYUNIN:

- nasasabi kung ano ang mapa
- naipakikita ang distansiya at lokasyon ng mapa.
- nakagagawa ng mapa ng bahay

II. PAKSANG-ARALIN: Ako at ang Aking Tahanan at Paaralan

A. Aralin 4: Ang Mapa ng Aming Bahay

B. Sanggunian:

Araling Panlipunan Curriculum Guide pah. 11

Teacher's Guide pp. 77-79

Activity Sheets pp. 47- 50

C. Kagamitan:

cut -outs ng mga hugis, gamit sa

paaralan

D. Integrasyon ng aralin sa ESP, Art at Filipino

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. Balik-aral:

Tumayo sa gitna ng silid-aralan.

Tukuyin ang bagay na nasa:
kanan, kaliwa, harap at likod

2. Pagganyak:

Laro: Bring Me

Dalhan mo ako ng lapis.

Dalhan mo ako ng pambura.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paunang Pagtataya:


Itanong: Ano ang mapa?

2. Paglalahad:

Gawain:

Bumuo ng pangkat na may limang kasapi. Habang nakaupo, ilatag ang mga gamit tulad ng isang lapis, isang aklat, isang pangkulay, at isang pirasong papel sa mesa o sahig.

Tumayo kayo at pagmasdang mabuti ang mga bagay na inyong inilatag sa mesa. Ano ang inyong nakikita?



3. Pagtalakay:

Alam ba ninyo ang inyong iginuhit?

Ano ba ang mapa?

4. Paglalahat:

Tandaan: Ang mapa ay isang larawang kumakatawan sa kinalalagyan ng mga bagay o lugar. Ipinakikita nito ang anyo ng bagay o lugar kung titingnan ito mula sa itaas.

Gumagamit ng pananda ang mapa.

Ang pananda ang nagsasabi kung ano ang kinakatawang bagay o lugar ng bawat hugis o kulay na ginamit sa mapa.

5. Paglalapat:

Bumuo ng pangkat na may 5 kasapi.

Pag-aralan ang itsura ng inyong silid-aralan at gumuhit ng mapa nito.

IV. Pagtataya:

Gumawa ng mapa ng loob ng inyong bahay.

Lagyan ito ng pananda.

V. Kasunduan:

Aling bahagi ng inyong tahanan ang paborito mo? Iguhit mo ito sa loob ng kahon at ipakita ang sumusunod:

1. hugis ng bahagi ng bahay

2. pinto o bintana

3. mga kagamitang matatagpuan dito

ARALING PANLIPUNAN I

Ika-apat na Markahan

Unang Linggo

(Ikalimang Araw)

I. LAYUNIN:

- nasasabi kung ano ang mapa
- naipakikita ang distansiya at lokasyon ng mapa.
- nakagagawa ng mapa ng klasrum at natutukoy ang distansiya ng mag-aaral sa ibang bagay dito.

II. PAKSANG-ARALIN: Ako at ang Aking Tahanan at Paaralan

- A. Aralin 5: Ang Mapa ng Aming Bahay
- B. Sanggunian:
Araling Panlipunan Curriculum Guide pah. 11
Teacher's Guide pp. 77-79
Activity Sheets pp. 47- 50
- C. Kagamitan:
cut –outs ng mga hugis, gamit sa paaralan
- D. Integrasyon ng aralin sa ESP, Art at Filipino

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. Balik-aral:
Ano ang mapa?
Bakit gumagamit ng pananda ang mapa?
2. Pagganyak:
Aling bahagi ng paaralan ang paborito mo?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paunang Pagtataya:
Itanong: Ano ang mapa?

2. Paglalahad:

Gawain:

Paggawa ng mga bata ng mapa ng paaralan.

3. Pagtalakay:

Anu-ano ang mga malalapit sa iyong silid-aralan?

Anu-ano ang mga malalayo sa iyong silid-aralan?

